



# Impormasyon para sa Kasali ng NDIS: Ang Coronavirus (COVID-19)

Naiiintindihan namin na marami sa inyo ang nag-aalala at nababahala tungkol sa inyong personal na kapakanan at sa pagkuha ng suporta na kinakailangan ninyo mula sa NDIS.

Kami ay nakikipagtrabaho sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS upang matiyak na naiiintindihan nila kung ano ang kailangang nilang gawin kung nagbibigay ng mga suporta at serbisyo sa inyo.

## Pangunahing puntos

- Kami ay nakikipagtrabaho sa mga tagapagbigay ng serbisyo upang naiiintindihan nila kung ano ang mga kinakailangan nilang gawin upang patuloy na nasusuportahan kayo.
- Ang COVID-19 ay inaasahang aapekto sa maraming tao sa Australya. Dahil dito, maaaring may mga di-maiiwasang pagbabago sa ilang mga suporta at serbisyong magmula sa NDIS.
- Maaaring nangangahulugan nito na:
  - may mga ibang trabahador na magbibigay sa inyo ng mga suporta at serbisyo mula sa NDIS.
  - maaaring may pagbabago sa ibinibigay na mga suporta at serbisyo o may mga pansamantalang ipagliliban
  - maaaring ang tagapagbigay ng serbisyo ay magbibigay ng mga suporta sa inyo sa naiibang mga paraan (halimbawa, ang pagpapayo sa pamamagitan ng Skype)
  - may ilang mga lugar na dati ninyong pinupuntahan ay nakasara (halimbawa, ang mga sinehan at parke).

Napakamahalaga na kayo ay palaging ligtas. Kung kayo ay tumatanggap ng mga suporta at serbisyo sa mataong lugar, kailangan na ang pagbibigay ng mga suporta at serbisyong ito ay mababago. Ang pagpunta sa mga mataong lugar ay delikado dahil maaaring mahawaan kayo ng mikrobyo (virus).

Napakamahalagang mag-ingat kayo sa inyong pagdedesisyon kung sino ang kakausapin at kung saan kayo pupunta. Ito ay para sa inyong proteksyon at sa mga iba pang tao na maaaring madaling nahahawaan ng mga mikrobyo at sakit.

## Mga inaasahan ng mga kasali sa NDIS

Kayo ay dapat umasa na ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo ay gumagawa sa abot ng kanilang makakaya upang:



- hindi magiging delikado ang inyong kaligtasan laban sa mga mikrobyo. Kasali dito ang katiyakan na ang mga trabahador ay naghuhugas ng mga kamay at tinutupad ang mga patakaran sa 'social distancing'
- sasabihin sa inyo kung may mga pagbabago sa inyong mga suporta, halimbawa ang hindi pagpunta sa inyong mga regular na aktibidad
- mamentena ang mga suporta at serbisyo na kinakailangan ninyo para sa inyong kalusugan at kaligtasan.

Kami ay nagbibigay ng impormasyon sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS upang maiintindihan nila ang mga kinakailangan nilang gawin at kung paano kayo pananatilihin na ligtas habang sinusuportahan kayo.

Mahalaga na kayo ay manatiling nakakonekta sa inyong tagapagbigay ng serbisyo. Kung kayo ay ihiniwalay dahil sa sakit, tanungin sa inyong tagapagbigay ng serbisyo kung paano kayo masusuportahan, habang nasa 'social distancing', o hindi kayo nagkikita ng personal.

## Mga karapatan ng mga kasali ng NDIS

Mayroon po tayong napakalinaw na [NDIS Code of Conduct](#) at [NDIS Practice Standards](#) na dapat tutuparin ng inyong mga tagapagbigay ng serbisyo at kanilang mga trabahador.

Ang mga batayang ito ay nagkakabisa din sa kasalukuyang sitwasyon.

## Paano maghain ng reklamo tungkol sa isang tagapagbigay ng serbisyo

Kung may pag-alaala kayo sa inyong kaligtasan o hindi kayo masaya sa kalidad ng mga suporta at serbisyo – kahit hindi ito patungkol sa mga usapin sa COVID-19 – importante ninyong malaman na maaari kayong makipag-usap sa amin tungkol sa inyong mga pag-alaala. Okey lang po ang magreklamo.

Kung kayo ay nasa New South Wales, South Australia, ang Australian Capital Territory, Northern Territory, Queensland, Victoria o Tasmania, kayo ay maaaring maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng:

- Pagtetelepono sa: 1800 035 544 (walang bayad mula sa mga 'landlines') o sa TTY 133 677. Maaaring makipag-ayos para sa serbisyo ng interpreter.
- [National Relay Service](#) at hingin ang teleponong 1800 035 544.
- Gumamit ng isang [complaint contact form](#).

Kung kayo ay nasa Western Australia, mangyari pong tumawag sa [HADSCO](#) upang maghain ng reklamo hanggang ika-30 ng Nobyembre 2020.

## Mga mapagkukunang galing sa NDIA para sa mga kasali

Ang website ng NDIA ay may [information for NDIS participants](#) tungkol sa COVID-19. Kasama rito ang [mga mapagkukunang 'Easy Read'](#), [frequently asked questions](#) at pinakabagong impormasyon tungkol sa mga ginagawa ng NDIA tungkol sa COVID-19.

Inirerekomenda ng NDIA na kayo ay makikipag-usap sa inyong tagapagbigay ng serbisyo kung ano ang mga suporta at serbisyo na inyong pinaka-kailangan at makatiyak na ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay may plano sa patuloy na pagsusuporta sa inyo.



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission

Kung may mga katanungan kayo o nangangailangan ng payo, mangyari pong tumawag sa Contact Centre ng NDIA sa 1800 800 110.

## Dagdag na impormasyon, mga babala at mapagkukunan

Bumisita sa website ng [Australian Government](#) para sa mga pinakabagong balita, impormasyon at payo tungkol sa COVID-19.

Bumisita sa [Department of Health website](#) para sa impormasyon tungkol sa COVID-19. Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa pagkakasakit ng COVID-19, tawagan ang Coronavirus hotline ng Department of Health sa **1800 020 080**.

Ang [COVID-19 participant information webpage](#) ng NDIS Commission ay naglalaman ng mga mapuntahang mga 'links' tungkol sa mga pinakabagong impormasyon, pagsasanay, patalastas, paala-ala at iba pang mga mapagkukunan.